# Lesson 5: Ministering

*Maaari mong ituro ang lesson na ito sa kabuuan nito o paghiwalayin ito sa mas maiikling bahagi. Iakma ang lesson sa inyong mga lokal na kalagayan at sa mga pangangailangan, edad, at pang-unawa ng inyong quorum o class presidency.*

## TINURUAN TAYO NI JESUCRISTO KUNG PAANO MAG-MINISTER O MAGLINGKOD

Para matulungan ang mga miyembro ng quorum o class presidency na makita si Jesucristo bilang kanilang halimbawa ng ministering o paglilingkod, maaari mo silang anyayahang magsalita tungkol sa Kanyang mga turo at halimbawa ng paglilingkod (tingnan sa Lucas 10:25–37; 3 Nephi 17:5–10). Ipaliwanag na ang ministering ay pangangalaga sa isang tao sa paraan ng Tagapagligtas. Kailan ito ginawa ng isang tao para sa iyo, at ano ang nadama mo? Paano naaangkop ang halimbawa ni Cristo sa ating mga pagsisikap na mag-minister sa mga miyembro ng ating korum o klase? Sa iba?

## MAAARI TAYONG MAG-MINISTER SA MGA NASA PALIGID NATIN

Para matulungan ang mga miyembro ng presidency na makatanggap ng inspirasyon kung paano mag-minister sa mga miyembro ng kanilang korum o klase, sabihin sa kanila na pag-usapan ang bawat tao na binabanggit ang pangalan ng mga ito (ang secretary ay maaaring kumuha ng listahan ng klase mula sa Member Tools app o sa ward clerk). Maaaring makatulong ang sumusunod na mga tanong:

- Ano ang alam natin tungkol sa kanila?
- Ano ang kanilang natatanging mga kakayahan at kinakaharap na mga hamon?
- Ano ang magagawa natin na makakatulong sa kanila (halimbawa, sa paglilingkod at mga aktibidad at mga miting sa araw ng Linggo)?

Hilingin din sa mga miyembro ng presidency na pag-isipan kung paano nila mahihikayat ang miyembro ng korum at klase na gamitin ang kanilang mga kakayahan at talento para makapag-minister o maglingkod sa iba, kapwa sa loob at labas ng kanilang korum o klase.

Anyayahan ang quorum o class presidency na kumilos ayon sa nadama nilang dapat nilang gawin. Maaari nilang rebyuhin at baguhin ang mga planong ginawa sa kanilang pinakahuling presidency meeting para maisama ang mga bagong plano nila. Tiyaking nauunawaan nila na ang sensitibong impormasyon na ibinahagi tungkol sa mga tao ay dapat panatilihing kumpidensyal.

## SUPORTANG RESOURCES

- *General Handbook: Serving in The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints [Pangkalahatang Hanbuk: Paglilingkod sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw],* kabanata 21, ChurchofJesusChrist.org
- 2 Corinto 6:4–7; Mosias 18:8–9; Doktrina at mga Tipan 84:106
- "We Are Strong Together" video

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2020 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. 4/20. Pagsasalin ng *Quorum and Class Presidency Training—Lesson 5.*
Tagalog. PD60011123 893. Inilimbag sa Pilipinas